Tagalog

Vol.51 | 2025.09

Impormasyon para sa mga dayuhan

# Ota City Navigation



Kaganapan

## Oryentasyon bago Pumasok sa Elementary School

Ipapaliwanag ang tungkol sa school life sa elementary school sa Japan, mga bagay na ihahanda bago pumasok sa school, paano gagamitin ang oras pagkatapos ng klase, at iba pa. Pagkatapos ng pagpapaliwanag, pakikinggan ang kuwento ng may karanasan nang magulang, at makikihalubilo ang mga magulang sa isa't isa.

Para kanino: Mga dayuhang magulang/tagapag-alaga na may anak na hindi pa nag-aaral

* Mayroong interpreter (Ingles, Intsik, atbp. Para sa iba pang wika, mangyaring kumonsulta.)

Oktubre 5, 2025 (Linggo) 1:30 pm - 4:00 pm

Ota International Exchange Center (Minto Ota)
(Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku)

Libre

Mag-apply mula sa website

Global City Ota Cooperation Association
☎ 03-6410-7981 Fax 03-6410-7982
Email：mail@ota-goca.or.jp



©Ota City

···· Kailan ···· Magkano ···· Ilang tao ···· Saan ···· Paano mag-apply ···· Mag-apply sa ···· Makipag-ugnay sa

## Kaganapan SEKAI NO MAMA PAPA HIROBA (World Mama Papa Plaza)

Magbubukas ng lugar kung saan maaaring malayang bumisita at makipagkuwentuhan ang mga magulang at anak na may koneksyon sa ibang bansa na may anak na 0-3 taong gulang.
Malayang pumasok at lumabas, at maaaring pumunta kahit anong oras! Hindi kailangan ng aplikasyon.
May inihanda ring ilang simpleng aktibidad.
Sama-sama tayong gumawa ng isang ligtas at komportableng lugar para sa lahat kahit magkakaiba ang wika at kultura♪

### [Nilalaman / Tema]

Setyembre: Eurythmics para sa mga magulang at anak (ehersisyo para sa mga magulang at anak, larong gamit ang mga kamay)
Oktubre: Palitan ng impormasyon tungkol sa nursery school o kindergarten
Nobyembre: Palitan ng opinyon tungkol sa pang-araw-araw na pagpapalaki ng bata
Disyembre: Christmas party

2025
Setyembre 17 (Miyerkules) 10:00 am - 12:00 pm
Oktubre 15 (Miyerkules) 10:00 am - 12:00 pm
Nobyembre 19 (Miyerkules) 10:00 am - 12:00 pm
Disyembre 17 (Miyerkules) 10:00 am - 12:00 pm

Ota International Exchange Center(Minto Ota)
(Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku)

Libre

Global City Ota Cooperation Association
☎ 03-6410-7981　Fax 03-6410-7982
Email：mail@ota-goca.or.jp



## Proseso Aplikasyon at Konsultasyon para sa Admission sa Nursery School mula Abril 2026

### [Aplikasyon para sa Admission sa Licensed Nursery School]

●Para kanino
Mga bata na hindi makatanggap ng pangangalaga sa bahay dahil sa trabaho (pati ang naghahanap ng trabaho), sakit, panganganak, pag-aalaga, pagpasok sa paaralan, atbp. ng kanilang magulang/tagapag-alaga

●Pamamahagi ng mga kinakailangang dokumento
Ipamamahagi namin ang 2026 na bersyon ng "Guidebook para sa Aplikasyon para sa Admission" at ang mga kinakailangang dokumento para sa aplikasyon mula Setyembre 25 (Huwebes) sa tanggapan ng aplikasyon.
Para sa mga may dayuhang nasyonalidad, kinakailangang kumpirmahin ang kanilang status of residence.

●Pagtanggap sa mga holiday
Nobyembre 2 (Linggo) Mula 9:00 am hanggang 4:00 pm
Tatanggapin ang aplikasyon sa tanggapan.

Mula Oktubre 1 (Miyerkules) - Nobyembre 28, 2025 (Biyernes)

Nursery Usage Support Section, Nursery Services Division
(Counter No. 21, 3F Ota City Office, 5-13-14 Kamata, Ota-ku)

Dalhin ang mga kinakailangang dokumento sa lugar na patutunguhan ng aplikasyon

☎ 03-5744-1280　Fax 03-5744-1715



©Ota City

## Paunawa Pangangalap ng mga scholarship student na nauukol sa mga papasok sa kolehiyo atbp.

Kinakailangang nasa ilalim ng pangangalaga ng magulang/tagapag-alaga na nakatira sa Ota City simula isang taon ang nakalipas bago ang petsang magsisimula ang pautang o benepisyo.
Para sa mga detalye, mangyaring makipag-ugnayan.

Unang bahagi ng Setyembre hanggang unang bahagi ng Nobyembre ng 2025

Grant-type 150,000 yen (isahang pagbabayad bago pumasok sa paaralan)
Loan-type Pambansa at pampublikong paaralan: Hindi lalampas ng 35,000 yen bawat buwan, Pribadong paaralan: Hindi lalampas ng 44,000 yen bawat buwan

Welfare Management Division
☎ 03-5744-1245
Fax 03-5744-1520

## Paunawa Paunawa tungkol sa libreng tuberculosis screening (chest x-ray)

Dumarami ang kaso ng tuberculosis sa mga ipinanganak sa ibang bansa, at nasa 80% o higit pa ng mga bagong kaso ay may edad 20 - 29 taong gulang. Magpa-chest x-ray isang beses kada taon upang matuklasan nang maaga ang tuberculosis. Para sa mga taong walang pagkakataong magpasuri nang regular, mangyaring gamitin ang serbisyong ito.
*Hindi kailangan ng pagpapareserba
Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang website.

Oktubre 7, 2025 (Martes)
9:30 am - 12:00 pm 1:30 pm - 4:00 pm

Rokugo Branch Office
(2-44-11 Naka-Rokugo, Ota-ku)

Libre

Infectious Disease Countermeasures Division
☎ 03-4446-2643
Fax 03-5744-1524

## Kaganapan Haneda Airport "Sora no Hi" (Araw ng Kalangitan) Festival 2025

Gaganapin ang kaganapan na ginugunita ang "Sora no Hi (Araw ng Kalangitan)" sa layunin na lalong maramdaman ang pagkapamilyar ng mga paliparan. Kayo ay masisiyahan sa iba't ibang planning ng mga kumpanya kabilang ang mga airline industry.
Inaanyayahan namin kayong pumunta sa Haneda Airport kasama ang pamilya at mga kaibigan sa pagkakataong ito.



Setyembre 27, 2025 (Sabado)
10:00 am - 5:00 pm

・Haneda Airport Passenger Terminal 1, 2, 3 Building
・HANEDA AIRPORT GARDEN
(2-7-1 Haneda-Kuko, Ota-ku)

Libre
Muling gaganapin ngayong taon ang patok noong nakaraang taon na paggawa ng can badge sa booth ng Ota City.

Industrial Promotion Section, Industry Promotion Division
☎ 03-5744-1322 Fax 03-6424-8233
Email：kanko@city.ota.tokyo.jp

## Paunawa Mangyaring gamitin ang app para sa paghihiwalay ng basura ng Ota City

Nakaranas ka na ba ng problema tulad ng kung kailan ang araw ng pagtatapon ng basura o paano paghihiwalayin ang mga ito? Ang Ota City ay namamahagi ng app na nagbibigay-daan para sa mga gumagamit na madaling makumpirma ang mga araw ng koleksyon ng basura, paano magtapon ng basura, mga dapat tandaan kapag magtatapon ng basura, diksyunaryo sa paghihiwalay ng basura, madalas itanong, atbp. gamit ang inyong smartphone na sanay kang gamitin. Mangyaring gamitin ito.




©Ota City

Project Promotion Section, Waste Reduction Promotion Division

☎ 03-5744-1628　　Fax 03-5744-1550

Dito para sa impormasyon tungkol sa app para sa paghihiwalay ng basura ng Ota City ▶

## Paunawa Sundin ang "Limang Panuntunan para sa Ligtas na Pagbibisikleta"

❶ Pangkalahatang tuntunin sa daan, Dumaan sa kaliwang gilid Eksepsiyon sa mga sidewalk, bigyang-prayoridad ang mga pedestrian
❷ Sa interseksyon, sundin ang traffic lights, pansamantalang huminto, at kumpirmahin ang kaligtasan
❸ Buksan ang headlight sa gabi
❹ Ipinagbabawal ang pagbibisikleta nang nakainom
❺ Magsuot ng helmet

Urban Infrastructure Development Management Division
☎ 03-5744-1315
Fax 03-5744-1527



©Ota City

## Paunawa Iparada ang bisikleta sa angkop na paradahan

Sa Ota City, itinalaga ang mga lugar sa paligid ng istasyon bilang lugar na bawal iwanan ang bisikleta, at ang mga bisikleta ay regular na aalisin. Mangyaring tandaan na ang mga inalis na bisikleta ay iniimbak sa imbakan nang 30 araw, at ang mga bisikletang lumampas sa takdang panahon ng pag-iimbak ay ididispose bilang pangkalahatang tuntunin. Huwag iwanan ang bisikleta sa mga pampublikong lugar (tulad ng kalsada o plaza sa harap ng istasyon); iparada ito sa angkop na paradahan.

Urban Infrastructure Development Management Division
☎ 03-5744-1390
Fax 03-5744-1527

(Imbakan ng mga iniwang bisikleta atbp.)

(Paradahan para sa mga city-operated na bisikleta atbp.)


Ang papel ng impormasyon na ito ay inilalathala ng 8 beses sa isang taon. Ipinamamahagi ito sa mga pasilidad sa Ota City tulad ng mga library, children's center, at city branch offices, at sa mga istasyon sa loob ng Ota City tulad ng JR Kamata, Omori, at Keikyu Zoshiki.

Inilathala　Ota City Community Activities Promotion Division, Community Collaboration and Multicultural Section

Address　〒144-0052 Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku
Sa loob ng Ota International Exchange Center (Minto Ota)
☎ 03-5744-1227　Fax 03-5744-1323


▼ Impormasyon para sa mga dayuhan (131 wika ang sinusuportahan)

▼ Multilingual Consultation Desk


Posibleng makita ang back issue ▶